Pagpapaberde sa Scarborough

Unang Isyu—Abril 2003

IPINAPAKILALA …ANG PROGRAMA NG BERDENG SISIDLAN

Simula sa linggo ng Hunyo 24, kayo ay magiging bahagi ng isang bagong inisyatiba sa pangongolekta ng basura sa Scarborough. Ito'y tinatawag na Programa ng Berdeng Sisidlan o *Green Bin Program*.

Sa pamamagitan ng pangongolekta ng inyong organikong materyal – tulad ng basura mula sa tirang pagkain at papel na ipinambalot sa pagkain [tingnan "Ano ang dapat ilagay (at di dapat ilagay) sa inyong berdeng sisdlan" para sa detalye] – ang Programa ng Berdeng Sisidlan ay makakatulong sa atin na bawasan ang laki ng materyal na ipinadadala ng mga bahay mula sa Toronto patungo sa tambakan (*landfill*).

Ano naman ang napakagaling sa Programa ng Berdeng Sisidlan?

Dalawang bagay. Una, magastos ang pagmamantini ng tambakan para sa pagtapon ng ating basura. Ikalawa, ang paggamit muli ng organikong materyal ay mainam para sa ating kapaligiran.

Ang tambakan ng Lungsod sa Keele Valley ay nagsara noong 2002, at dinadala ng Toronto lahat ng basura nito ngayon sa Michigan. Bilang resulta, ang gastos natin sa pagtatapon ng basura ay umakyat mula $12/tonne sa $52/tonne. Ito'y mahigit sa 300% pagtaas! Ang mga organikong materyal ay bumubuo ng may 30% ng basurang pumupunta sa tambakan. Inililihis ng Programa ng Berdeng Sisidlan ang materyal mula sa tambakan at sa halip ay ginagawa itong compost na magagamit.

Mahigit 95% ng nanirahan sa Etobicoke ay matagumpay nang gumagamit sa Programa ng Berdeng Sisidlan mula pa Setyembre 2002.

Ano ang kailangan kong gawin?

Ang Programa ng Berdeng Sisidlan ay madaling sundin. Kailangan lang ninyong ilabas para makolekta nang minsan sa isang linggo ang inyong mga organikong materyal mula sa bahay (yung "maamoy" na mga materyal), tulad ng mga tira at dumi mula sa pagkain, papel na pambalot sa pagkain, atbp. Dinadala ng Pamahalaang Lungsod ang inyong organikong materyal sa isang planta na nagpoproseso nito at ginagaw itong compost para sa mga parke at bukid.

Maaari ba akong sumali sa Programa ng Berdeng Sisidlan?

Kung kinokolekta ng Pamahalaang Lungsod ang basura sa harap ng inyong bahay, opo – kayo ay makakalahok sa Programa ng Berdeng Sisidlan. (Ang mga may iisang lugar ng koleksyon o may pribadong kolektor ng basura – hal., sa mga *apartment* at ilang *townhouse* —ay di makakalahok sa programa sa ngayon.)

MAGBABAGO BA ANG PANAHON NG KOLEKSYON NG AKING BASURA AT MATERYAL NA PANG-*RECYCLE*?

Maaaring mag-iba ang araw ng koleksyon ng basura sa inyo. Ihahatid namin sa inyo ang bagong kalendaryo ng pangongolekta sa inyong tahanan bago magsimula ang programa sa linggo ng Hunyo 24. Mangyaring tingnan lang po kung nag-iba ang araw ng koleksyon sa inyong lugar.

1. Ang inyong berdeng sisidlan para sa mga organiko (yung "maamoy" na mga bagay) ay kokolektahin nang minsan bawat linggo.
2. Ang inyong basura (yung di nangangamoy) ay kokolektahin nang minsan bawat dalawang linggo.
3. Ang inyong mga materyal na pang-*recycle* ay patuloy na kokolektahin sa ikalawang linggo ng buwan.
4. Ang basura sa inyong bakuran ay patuloy na kukunin minsan bawat linggo sa Abril, Mayo, Oktubre at Nobyembre, at minsan bawat dalawang linggo sa Hunyo, Hulyo, Agosto at Setyembre.

Mahalagang tandaan na ang karamihan ng dati ninyong kinikilalang 'basura" ngayon ay di na magiging basura sa Program ng Berdeng Sisidlan. Lahat ng inyong organikong materyal (tira at dumi mula sa pagkain, gamit na mga paper towel, tirang karne, isda, dumi ng hayop, mga gamit na lampin) ay kokolektahin bawat linggo sa inyong mga berdeng sisidlan.

Ang mga bagay na matitira sa inyong basurahan ay yung mga tulad ng di maaaring ma-*recycle* na pambalot at lalagyang plastik, mga sirang laruan at basag na plato, bumbilya, gamit na sapatos at marami pang iba; sa madaling salita, yung mga bagay na nakatabi nang dalawang linggo nang di nangangamoy.

PAANONG TUMATAKBO ANG PROGRAMA NG BERDENG SISIDLAN?

Bibigyan kayo ng Pamahalaang Lungsod ng Toronto ng dalawang sisidlan – isang malaki na may gulong na magdadala sa inyo sa tabing lansangan, at isang maliit na magkakasya sa ilalim ng inyong lababo sa kusina o kung saan man maluwag para sa inyo. Maaari ninyong lagyan ng bag na plastik ito sa loob at paligid (pwede na rito ang bag na pang-*grocery*), kung nais ninyo, gaya ng ginagawa ninyo sa inyong regular na basurahan. Ihahatid sa inyong tahanan ang mga sisidlan sa mayo o Hunyo.

ANONG ILALAGAY (AT DI DAPAT ILAGAY) SA INYONG BERDENG SISIDLAN

Sa loob ng berdeng sisidlan …

- Mga tirá o basurang mula sa prutas at gulay
- Mga buto ng karne, tinik ng isda, at iba pang tirá o dumí mula sa mga ito
- Mga labí o kalat mula sa *pasta*, tinapay at *cereal*
- Kalat o dumí mula sa mga produkto ng gatas; balat ng itlog
- Kalat mula sa kape na giniling, *filter,* at mga *bag* ng tsaa
- Mga gamít na *paper towel* at *tissue*

- Mga gamít na pambalot o pinaglagyan ng pagkain – kahon ng ice cream, supot ng asukal at harina
- Mga ginamit na papel na inuman o plato
- Dumí o tirá na *cake, cookies* at kendi
- Tira o dumi mula sa mga *baking ingredient, spices at herbs* at iba pang panluto
- Dumí mula sa mga tanim/paso na pambahay, kasama na ang lupa
- Mga gamít na lampin, at itinapon na mga produktong pantiyak sa kalinisan o kalusugan tulad ng *toilet paper*, pasador para sa mga babae, atbp.
- Dumí at kalat ng mga hayop (hal., mula sa mga hawla ng ibon, hamster, atbp.)
- Pet food

Mangyari pong huwag isasama ang sumusunod na bagay …
(Hindi sila nalulusawkung kayat di sila maaaring gawing compost)

- Mga plastik na balutan, bag at lalagyan ng sandwich
- Plastik na lalagyan ng pagkain (hal., basyo ng yogurt o margarine), plastik na kubyertos
- Plastik na bag ng gatas
- *Styrofoam, meat tray liners*
- Palara
- Artipisyal na mga bulaklak
- *Leather* (balat), tela, damit
- Mga *rug, carpet*
- Sigarilyo at tabako
- Tapon (mula sa bote ng alak, atbp.)
- *Gum*
- Mga panlinis ng tainga, bulak, pantanggal ng *make-up*
- *Baby wipes*
- Mga panlampaso ng sahig *o disposable mop sheets*
- *Dryer lint, dryer sheets*
- *Vacuum bags* at laman nito
- Mga balahibo
- Buhok ng alagang hayop
- Abo mula sa *fireplace* o BBQ
- Mga pinagtabasan ng kahoy

ANONG NANGYAYARI SA INYONG ORGANIKONG MATERYAL?
Ang materyal sa inyong berdeng sisidlan ay kukunin ng mga sasakyang nangongolekta nito, ilalagay sa isa sa dalawang kompartamento sa trak, at dadalhin *sa Dufferin Organics Processing Facility* ng Pamahalaang Lungsod. Iinspeksyunin ng mga opereytor ang mga organikong materyal at aalisin ang malalaking di ninanais na bagay. Sa pamamagitan ng isang prosesong biyolohikal na tinatawag na *anaerobic digestion,* ang organikong materyal ay ginagawang solido, bagay na ginagawa namang malinis at sariwang compost.

Ang anaerobic digestion ay isang prosesong biyolohikal na gumagamit ng bacteria para lusawin o paghiwa-hiwalayin ang mga solido nang walang oxygen.

ILUSYON SA PAGTINGIN!

Sa panahong magsimula ang pangongolekta ng berdeng sisidlan, maaaring magmukhang inihahagis ng mga kolektor ng basura kapwa ang inyong basura at materyal mula sa berdeng sisidlan sa iisang lalagyan sa likod ng trak. Sa katunayan, may dalawang magkahiwalay ng kompartamento ang trak – isa ay nakalaan lamang para sa mga organikong materyal mula sa berdeng sisidlan.

ITULOY ANG PAGGAMIT NG COMPOST!

Kung kayo'y gumaghamit ng compost sa inyong bakuran, hinihikayat namin kayong ipagpatuloy ito. Ang napakagaling sa Programa ng Berdeng Sisidlan ay ang pagtanggap nito sa materyal na di ninyo magawang compost sa inyong lugar ng tirahan; halimbawa, dumi ng hayop, ng karne, mga produkto ng isda at mga gamit na lampin.

ABANGAN ANG MGA ESTUDYANTENG KAKATOK SA INYONG PINTUAN

Umupa ang Pamahalaang Lungsod ng Toronto ng mga estudyante para magbahay-bahay ngayong Tagsibol at ipaalam sa mga naninirahan sa Scarborough ang tungkol sa Programa ng Berdeng Sisidlan. Maaaring mayroon nang dumayo sa inyo (nagsimula sila nitong Pebrero).

Nariyan ang mga estudyante para sumagot sa inyong mga tanong tungkol sa programa. Samantalahin ninyo ang pagkakataong ito! Makakatulong sa madulas na pagtakbo ng Programa ng Berdeng Sisidlan ang komunikasyon at pagkakaunawaan.

Huwag kayong mag-alala kung di kayo nagpang-abot ng mga estudyanteng ito: marami kayong impormasyon na matatanggap sa darating na ilang buwan.

MGA TANONG? KAILANGAN PO BA NG DAGDAG NA IMPORMASYON?

Kung kayo'y may mga tanong tungkol sa Programa ng Berdeng Sisidlan, mangyaring tumawag lamang sa *City of Toronto Customer Service* sa 416-338-2010 o tingnan ang aming *web site* sa www.toronto.ca/greenbin.

Going Green in Scarborough Issue 1—April 2003 -- (Tagalog)